ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 11
Hunyo 7, 2016
www.philippinerevolution.net

Editoryal

# Pakikipag-alyansa at pakikibaka sa ilalim ng rehimeng Duterte

Patuloy na binubuo ang alyansa sa pagitan ng pambansa-demokratikong kilusan at ng uupong rehimeng Duterte. Inaasahang lalong magkakahugis ito sa mga darating na linggo hanggang sa pormal na sumumpa si Rodrigo Duterte bilang susunod na pinuno ng reaksyunaryong estado.

Kaalinsabay nito, patuloy na lumalakas ang sigaw ng masang Pilipino para sa pambansa-demokratikong pagbabago, laluna sa harap ng matinding krisis sa lipunan at ekonomya. Malalim ang paghahangad ng mamamayan na isulong ang kanilang mga pakikibaka para ibasura ang mapang-api at mapagsamantalang mga patakarang neoliberal, labanan ang lumalalang panghihimasok ng militar ng US at wakasan ang digmang mapanupil ng reaksyunaryong militar.

Ang ipinamalas ni Duterte na kahandaang ipagpatuloy ang pakikipagtulungan at pakikipagkaibigan sa kilusang pambansa-demokratiko ang tuntungan ng posibilidad na maging mabunga ang pakikipag-alyansa sa kanyang gubyerno.

Pinalakas ni Duterte ang pakikipag-alyansa sa kilusang pambansa-demokratiko nang inalok niya sa Partiko Komunista ng Pilipinas (PKP) ang ilang pusisyon sa kanyang gabinete. Malugod na tumugon ang PKP at ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa alok na ito sa pamamagitan ng pagsumite ng mga rekomendadong progresibong upisyal. Inanunsyo niya kamakailan ang pagtatalaga sa mga ito bilang kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR) at Department of Social Welfare and Development (DSWD) at bilang mga upisyal sa iba pang ahensya ng kanyang gubyerno.

Ang mga progresibong nakatakdang hirangin ni Duterte ay inaasahang magpakita ng walang-bahid na integridad, ng simpleng pamumuhay at pagkiling sa interes ng mga manggagawa, magsasaka at masang naghihirap at inaapi. Dapat silang magsilbing karagdagang sandata sa pagsusulong ng pakikibaka ng mamamayan para makamit ang kagyat at pangmatagalang kahilingan para mapabuti ang kanilang kalagayang panlipunan.

Bahagi ng pakikipag-alyansa kay Duterte ang pagsisikap na isulong ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at ng Government of the Philippines (GPH). Maaliwalas ang hinaharap ng negosasyon batay sa ipinapahayag na kahandaan ni Duterte na kilalanin ang lahat ng naunang kasunduan at tupdin ang mga nakatakdang obligasyon ng GRP. Inaantabayanang tutuparin ni Duterte ang pangakong palayain ang lahat ng konsultant ng NDFP sa usapang pangkapayapaan at lahat ng bilanggong pulitikal.

Sa pamamagitan ng usapang pangkapayapaan, sisikaping buuin ang kasunduan para lutasin ang sosyo-ekonomiko at pampulitikang ugat ng digmang sibil. Ang deklarasyon ni Duterte na siya'y maka-Kaliwa o panig sa interes ng masang anakpawis ay sisikaping salubungin ng NDFP ng mga kongkretong programa na pwe-



deng pagkaisahan para magsilbi sa interes ng masa.

Sa pakikipag-alyansa sa uupong rehimeng Duterte, nabibigyan ng malaking pagkakataon ang rebolusyonaryong kilusan na palaganapin at igiit ang kawastuhan ng pambansa-demokratikong linya at pagsusuri, mga prinsipyo at programa. Samantalahin natin ang paborableng sitwasyong ito para abutin ang malawak na masa at ibayong palawakin ang organisadong pwersa at pagpapalakas ng mga pakikibakang masa ng mga manggagawa, magsasaka, maralitang lungsod, mga kabataan-estudyante at iba pang sektor.

Habang nakikipag-alyansa sa rehimeng Duterte, dapat puspusan ring isulong ang mga pakikibakang masa sa pamamagitan ng malawakang pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masa. Dapat gamitin ang bentahe ng pakikipag-alyansa kay Duterte para lalo pang pasiglahin ang mga pakikibakang masa, na siya namang ibayong magpapatibay sa alyansa.

Bilang pagpapamalas ng lakas ng mamamayan, tipunin sila sa malalaking asembliya at iba't ibang anyo ng pagtitipon na pinagbuklod ng kanilang mga demokratikong kahilingan. Pakilusin ang daan-daan libong mamamayan sa pambansang kabisera at iba't ibang syudad sa buong bansa para suportahan ang usapang pangkapayapaan at patampukin ang kagyat na mga kahilingan ng mga manggagawa, magsasaka at lahat ng iba pang sektor.

Dapat maging mapagbantay ang rebolusyonaryong kilusan sa peligro ng repormismo, partikular na ang umasang magkakaroon ng makabuluhang pagbabago sa pamamagitan lamang ng pagkilos ng ilang kinatawan sa loob ng reaksyunaryong parlamento at burukrasya.




Dapat panatilihin ng mamamayan ang matatag na independyenteng lakas ng kilusang masa--hindi nakabuntot at hindi nakatali sa limitasyon ng reaksyunaryong parlamento o burukrasya.

Ito ang magtitiyak na susulong at lalakas ang pambansa-demokratikong kilusan anuman ang kahinatnan ng pakikipag-alyansa sa uupong rehimen.

Ang pakikipag-alyansa at pagsusulong ng demokratikong kilusang masa at armadong pakikibaka ang magkabila at magkatuwang na aspeto ng taktika ng rebolusyonaryong kilusan sa pagharap sa bagong uupong rehimeng Duterte. Sa dalawang aspetong ito, mas pangunahin ang independyenteng pagpapalakas ng masa o ang pagtataas sa kanilang kakayahan sa pangmasang pagkilos para ipaglaban ang kanilang demokratikong mga kahilingan. Ang pakikipag-alyansa ay makatutulong na palakasin ang demokratikong kilusang masa; sa kabilang panig, nakasalalay sa independyenteng lakas ng masa ang laki ng matatamo sa pakikipag-alyansa.

Sa diwa ng pakikipag-alyansa, ang paglulunsad ng mga pakikibakang masa at mga pagpuna at pagbatikos ay isasagawa pangunahin bilang positibong paggigiit ng mga kahilingan upang hikayatin ang uupong rehimeng Duterte na dinggin ang sigaw ng bayan at para labanan ang mga sagadsaring pwersang maka-imperyalista at militarista.

Ang pag-upo bilang pinuno ng reaksyunaryong estado ng isang tipo ni Duterte na hindi sunud-sunuran sa imperyalismong US ay sadyang nagbubukas ng malaking potensyal para isulong ang malalaking pagbabago sa kalagayan ng masang Pilipino. Dapat palakasin ang organisadong lakas ng sambayanang Pilipino para harapin ang mahigpit na mga labanan sa loob o labas ng pakikipag-alyansa sa rehimeng Duterte.

Sa estratehikong pananaw, ang pagpapatatag ng organisadong lakas ng masa ang higit na mahalaga at sukatan ng tagumpay ng mga taktika sa pagharap sa bagong uupong rehimen. AB

ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 11 | Hunyo 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

## Nilalaman

**Editoryal:** Pakikibaka at pakikipag-alyansa sa rehimeng Duterte 1

Suporta sa usapang pangkapayapaan 3

29 na armas nasamsam 4

3 nominado ng NDFP sa gabinete 5

Mga patakarang neoliberal 6

Bise-alkalde ng Davao, kinundena 8

Tanggalan sa RMN-Davao 8

Midya, dismayado kay Duterte 9

Protesta sa PBCom 9

Kampuhan laban sa K-12 10

Gamit ng US sa Pilipinas 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Usapang pangkapayapaan, suportado ng mamamayan

Itinutulak ng mga grupong relihiyoso at progresibong organisasyon ang pagpapatuloy ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines sa ilalim ng susunod na rehimen.

Dalawampu't walong lider-relihiyoso at mga upisyal ng Philippine Ecumenical Peace Platform (PEPP) ang nagtutulak kay Davao City Mayor Rodrigo Duterte na muling simulan ang naudlot na negosasyong pangkapayapaan. Hiningi rin ng PEPP kay Duterte na bigyan ng masusing pansin ang kalagayan ng mga Lumad, palagiang ipabatid sa mamamayan ang takbo ng mga usapan at magsagawa ng mga konsultasyon sa hanay ng mamamayan.

Sa isang bukas na liham, pinuri ng alyansang Pilgrims for Peace ang pangako ng bagong halal na presidente na lutasin ang ugat ng armadong tunggalian. Kaugnay nito, hinikayat ng Pilgrims si Duterte na tiyakin ang negosasyong pangkapayapaan sa pamamagitan ng pagrespeto ng dati nang mga napirmahang kasunduan at isulong ang mga susunod pang mahalagang adyenda na itinakda ng The Hague Joint Declaration.

Sinabi ni NDFP Chief Political Consultant Jose Maria Sison na makatotohanan ang mga panukala ng NDFP hinggil sa mga sosyo-ekonomikong reporma. Makikinabang ang 70% ng populasyon sa ihinahapag ng NDFP na pagpapatupad ng reporma sa lupa, at titiyakin nito ang sapat na pagkain ng buong bansa. Ang panukala ring pambansang industriyalisasyon ay magbibigay ng trabaho sa mamamayan upang hindi na kailangang lumayo sa ibayong dagat ang 20% ng lakas paggawa ng bansa sa paghahanap ng trabaho.

Nakatakdang magpulong ngayong Hunyo 15 sa Oslo, Norway ang mga kinatawan ng papalit na gubyernong Duterte at ng NDFP para sa mga panimulang paguusap bilang paghahanda para sa pormal na negosasyon. Kabilang sa mga tatalakayin ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal batay sa Joint Agreement on Security and Immunity Guarantees (JASIG), adyenda sa sosyo-ekonomikong mga reporma, pampulitikang kasunduan at pagtatapos ng armadong labanan.

Ayon kay Fidel Agcaoili ng NDFP Negotiating Panel, maaaring agad na magkaroon ng tigil putukan depende sa mapag-usapan ng dalawang panig. Dapat umanong magpatupad ang bawat panig ng disposisyon ng kani-kanilang mga pwersa, ang pagtigil ng mga opensibang operasyon, ang panahong saklaw ng tigil putukan at iba pang mga usapin. Lahat ng ito ay dapat na ginagabayan ng mekanismo para sa tigil putukan.

Dagdag pa ni Agcaoili, isang komite lamang para sa tigil putukan ang bubuuin ng NDFP na siyang mag-iikot para sumubaybay at mag-inspeksyon sa pagpapatupad ng tigil putukan. Maaari ring kunin ang suporta ng relihiyosong sektor para maging tagamasid.

Binatikos din ng NDFP ang tangkang pagsabotahe at pagbigo ng US sa usapang pangkapayapaan sa pamamagitan ng patuloy na paglilista nito sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan bilang mga "teroristang organisasyon."

Igigiit din ng NDFP sa susunod na gubyerno ang pagbasura sa mga kasunduang militar sa pagitan ng Pilipinas at US bilang mga "di-maipapahinuhod" na usapin sa negosasyon.

Samantala, kasabay ng ika-17 taong paglabag ng RP-US Visiting Forces Agreement sa soberanya ng bansa, hiningi ng mga makabayang organisasyon sa uupong gubyernong Duterte ang pagbasura sa mga dipantay na kasunduang militar.

Sa US, nag-ikot sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mga organisasyon sa pamumuno ng Bagong Alyansang Makabayan-USA upang iprotesta ang militarisasyon ng US sa Pilipinas, laluna sa Mindanao. Partikular nilang hiningi ang pagtigil ng ayudang militar ng US sa Pilipinas, na sa nakaraang taon ay umabot sa $79M mula sa $50M. AB



# 29 na armas nasamsam sa mga reyd ng BHB

Kabuuang 29 na armas ang nadagdag sa armori ng Bagong Hukbong Bayan mula sa dalawang matagumpay na reyd sa Davao Oriental at Negros Oriental. Ang mga bigwas na ito'y kabilang sa pagmarka sa katapusan ng rehimeng US-Aquino at sa mapangwasak ngunit bigong Oplan Bayanihan na digmang mapanupil ng militar at pulis sa nagdaang anim na taon.



**Davao Oriental.** Labing-isang armas ang nasamsam sa reyd na isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng Comval-Davao Gulf Sub-Regional Command sa Gov. Generoso Municipal Police Station noong Mayo 29. Kabilang sa mga nasamsam ang anim na ripleng M-16, isang ripleng M-14 at limang pistola. Dinakip at idineklarang *prisoner of war* ang hepe ng pulis na si Maj. Arnold Olgachen.

Nang sumunod na araw, matinding kaswalti ang tinamo ng mga pwersang nagreimpors mula sa 28th IB matapos itong pasabugan ng mga Pulang mandirigma ng *command detonated explosive*.

Tugon ang atakeng ito sa panawagan ng mamamayan na parusahan ang mga protektor ng talamak na bentahan ng droga sa lugar. Ayon sa ulat, tinukoy ang munisipalidad ng Gov. Generoso bilang daanan ng iligal na droga sa prubinsya. Inireklamo rin ng mga magsasaka at Lumad ang pagtatanggol ng mga pulis sa malawakang pangangamkam ng lupa ng ilang mayayamang pamilya.

Ayon kay Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB-Southern Mindanao Regional Operations Command, may nakumpiska ring isang pakete ng droga kay Olgachen matapos ang reyd. Sinabotahe rin ng 28th IB ang planong reyd ng BHB sa isang pagawaan ng shabu sa Tibanban, Gov. Generoso.

Iniimbestigahan pa si Olgachen sa iba pang mga paglabag nito sa karapatang-tao at iba pang krimen sa digmaan. Samantala, tinitiyak ng Pulang hukbo na nasa mabuti siyang kalagayan.

**Negros Oriental.** Matagumpay na nireyd ng Roselyn Pelle Command (RPC) ng BHB-Northern Negros ang isang detatsment ng Special Cafgu Active Auxiliary-Philippine Army sa Sityo Buntod Aliwanay, Barangay General Luna, Sagay City noong Mayo 22. Nakumpiska ng BHB ang 18 armas kabilang ang mga ripleng M-16 at M-14, isang M-79 *grenade launcher,* isang Ingram s*ubmachine gun,* mga pistolang kalibre .45 at .357, at maraming sariling-yaring baril.


Ayon kay Ka Cecil Estrella ng RPC, ang naturang reyd ay tugon ng Pulang hukbo sa mga reklamo ng taumbaryo hinggil sa presensya ng detatsment at ang paggamit ng pamilyang Marañon sa mga paramilitar bilang kanilang armadong *goons* at gwardya ng panginoong maylupa sa lugar. Dalawang elemento ng SCAA ang namatay at dalawa pa ang nasugatan sa opensiba.

Nasamsam din ang maraming bala at uniporme.

Sa isang pahayag ng Partido Komunista ng Pilipinas, sinabi nitong makapaglulunsad pa ng maraming taktikal na opensiba ang BHB sa susunod na mga linggo upang gawaran ng makatarungang aksyon at pamamarusa ang pinakasagadsaring mga yunit ng militar at sundalo na nagsagawa ng mga pagmasaker at pagpatay, iligal na pag-aresto at tortyur, militarisasyon, pang-ekonomyang blokeyo, at iba pang mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng Oplan Bayanihan. AB

# 3 nominado ng NDFP, ipinwesto sa gabinete

Upisyal nang ipinakilala ng susunod na rehimeng Duterte noong Mayo 31 sa Davao City ang mga bubuo ng kanyang gabinete. Kabilang sa mga ito sina Dr. Judy Taguiwalo, Rafael ‘Ka Paeng" Mariano at Joel “Ka Jomag” Maglunsod, tatlo sa mga inirekomenda ng Partido Komunista ng Pilipinas sa pamamagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).



Si Ka Paeng ang hinirang na kalihim ng Department of Agrarian Reform (DAR). Kasalukuyan siyang tagapangulo ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas, ang pambansa-demokratikong organisasyon ng mga magsasaka, at tatlong beses na kinatawan ang Anakpawis Partylist sa kongreso.

Si Dr. Judy naman ang hinirang na kalihim ng Department of Social Welfare and Development (DSWD). Isa siyang retiradong propesor sa University of the Philippines–Diliman at dating dekano ng UP College of Social Work and Community Development. Siya rin ay batikang aktibista mula pa noong panahon ng Batas Militar, tagapagtatag ng All-UP Workers Alliance at tagapagsalita ng Educators' Forum for Development.

Tulad ni Ka Paeng, si Ka Jomag ay naging kinatawan din ng partidong Anakpawis sa kongreso. Dati siyang ikalawang tagapangulo ng Kilusang Mayo Uno para sa Mindanao. Hinirang siya na *under-*

*secretary* sa Deparment of Labor and Employment si Maglunsod, matapos italaga ni Duterte si Silvestre Bello bilang kalihim nito.

Matapos ang pagpupulong kasama si Duterte, inihayag ng mga progresibong kalihim ang kanilang mga prayoridad. Para kay Mariano, una sa kanyang plano ang pagtiyak ng aktwal na pamamahagi ng lupa sa Hacienda Luisita sa tunay na mga benepisyaryo nito. Aniya, naudlot ang pamamahagi ng lupa sa asyenda dahil sa mga maniobra ng pamilyang Cojuangco-Aquino, kasabwat ang mga upisyal ng DAR.

Nangako rin siyang aksyunan ang petisyon para ipawalambisa ang DAR *conversion order* sa Hacienda Luisita na inilabas noong 1986. Itutulak niya ang pagbawi at pamamahagi ng 358 ektaryang lupain sa asyenda.

"Kailangang umaksyon ang ahensya sa mga paglabag sa karapatan ng magsasaka na angkinin ang kanilang mga lupa. Kailangan ding irebyu ang mga kautusang inilabas ng DAR katulad ng kumbersyon, eksempsyon at *exclusion order, certification of retention* at pagkansela sa mga *certificate of land ownership award* o CLOA at *certificate of land transfer*," ani Mariano.

Titiyakin din ng ahensya na ang 1.2 milyong *agricultural lease* na nakapailalim sa CARP ay paborable sa mga magsasaka. Maging ang gawa-gawang mga kaso ng mga panginoong maylupa laban sa mga manggagawang bukid ay aaralin at pagpapasyahan.

Bilang beteranong lider-unyonista, ipinangako ni Maglunsod na makapagpapatupad ng maka-manggagawang mga reporma at patakaran sa gubyerno. Itinulak niya ang pagbabasura sa Department Order 18-A, na nagliligalisa sa kontraktwalisasyon at ang pagsasabatas sa Regular Employment Bill upang maprotektahan ang interes ng mga manggagawa.

Sa DSWD, titiyakin ni Taguiwalo na makapagbabalangkas ng mga programang tunay na maglilingkod at makararating sa mga tao.

"Kailangang umabot sa tao ang serbisyo at matugunan ang kanilang pangangailangan, ito ang gusto nating gawin, hindi yung iilan lang ang nakikinabang. Di rin ito gagamitin sa pamumulitika at kontra-insurhensya," dagdag pa ni Taguiwalo.

Sa pinakamadaling panahon ay titiyaking nakararating sa mga magsasaka at manggagawang bukid na biktima ng tagtuyot ang mga subsidyong bigas ng gubyerno. Aalamin din ng ahensya ang kasalukuyang kalagayan ng mga biktima ng bagyong Yolanda.

Noong Hunyo 1, binisita na ng papasok na kalihim ng DSWD ang mga bakwit na Lumad sa Haran compound sa Davao City.

Ayon pa kay Taguiwalo, titiyakin niya na makikipagtulungan ang DSWD sa mga kalihim ng edukasyon at kalusugan dahil esensyal ang mga ahensyang ito sa pagpapatupad ng mga programang kontra kahirapan.

"Para sa pangmatagalang programa, hindi sasapat na DSWD lang para matugunan ang kabutihan ng mamamayan. Ito ay usapin rin ng trabaho, lupa, kalusugan at edukasyon."

# Mga patakarang neoliberal sa Pilipinas



Sa isang masaklaw na pag-aaral sa mga programa ng International Monetary Fund na inilathala noong Mayo, binatikos ng mga ekonomista ang mga patakarang neoliberal na itinulak ng institusyon dahil idinulot nitong matitinding pinsala sa mamamayan.

Sa partikular, pinuna nila ang mga kundisyon na ipinapataw sa mga "umuunlad na bansa" kapalit ng utang. Ilan lamang sa mga kundisyon na ito ang kaugnay sa deregulasyon sa pinansya, pagpapataas ng kita ng mga estado sa pamamagitan ng pagbubuwis at liberalisasyon sa kalakalan. Pinuna rin ng mga ekonomista ang iba pang kundisyon ng institusyon tulad ng pribatisasyon ng mga pag-aari ng estado, pagtatanggal ng mga subsidyo at pagtatakda ng mga limitasyon sa sahod at empleyo. Anila, naging bukambibig lamang ng IMF ang mga programang kontra-kahirapan para gawing katanggap-tanggap ang mga patakaran nito. Nitong Hunyo, inilathala sa isang publikasyon ng IMF mismo ang kongklusyon na "hindi gumagana" ang ilang patakarang neoliberal dahil sa malawak na epekto nito sa kabuhayan ng mamamayan. Anito, pinalalaki lamang ng IMF ang kunwa'y mga benepisyo ng mga "repormang nakatuon sa merkado." Lalo lamang umanong pinalala ng mga patakaran ng IMF ang di-pagkakapantay-pantay, at sa gayon ay bigo itong magdulot ng matagalang kaunlaran. Isa sa pinakamatingkad na halimbawa nito ang kaso ng Greece na hanggang ngayon ay pinipilit ng IMF na sumunod sa mga neoliberal na patakaran sa kabila ng masasahol na mga pinsala nito sa mamamayan.

**Kasaysayan ng neoliberalismo sa Pilipinas**

Sa Pilipinas, malawak at masasahol ang ibinunga ng mga patakarang neoliberal na ipinatupad mula pa sa panahon ng mga Structural Adjustment Program noong dekada 1980. Ang pagpapailalim ng buong ekonomya at pulitika sa balangkas nito ay lalong naglugmok sa bansa sa permanenteng krisis na higit na nagpalala sa kahirapan ng mamamayan. Nagresulta ito sa pagkabansot ng lokal na ekonomya na

dati nang atrasado at nakaasa sa dayuhang kapital at materyal.

Pinakalitaw ang atake ng neoliberal na patakaran sa pamumuhunan ng estado sa imprastruktura at serbisyong pampubliko. Matindi rin ang atake nito sa sektor ng paggawa at sa kabuhayan ng mga magsasaka. Ang mga patakarang ipinatupad sa mga larangang ito ay kailangang kagyat na baklasin para bigyan sila ng kaluwagan.

**Pribatisasyon ng mga pampublikong imprastruktura**

Alinsunod sa neoliberal na doktrina ng pribatisasyon, sinimulan ng rehimen ni Corazon Aquino ang pagbenta ng pinakamalalaking empresang pang-estado at iba pang ari-ariang pampubliko. Noong 1986, ipinatupad nito ang Philippine Privatization Program sa layuning idiskarga ang pamumuhunan ng estado sa malalaking empresang nagbibigay ng krusyal na serbisyo sa ekonomya.


Kabilang sa mga ibinenta sa panahong ito ang Philippine National Bank, Philippine National Oil Company, Construction and Development Company of the Philippines at Philippine Airlines. Sa loob ng limang taon, nakapag-ipon si Aquino ng $2 bilyon na inilaan niya sa pagbayad sa iniwang utang ng diktadurang Marcos. Pagsapit ng taong 2000, naibenta na ng sumunod na rehimeng Ramos ang 466 ari-arian ng estado sa kabuuang halagang P194 bilyon. Pinakamalaki sa pagaaring estado na isinapribado ang primera klaseng lupang komersyal sa Fort Bonifacio.

Kasabay ng malawakang pagbebenta ng mga ari-arian ng estado, ibinukas ng unang rehimeng Aquino sa pribadong mamumuhunan ang serbisyong pampubliko. Noong 1990, pinagtibay nito ang Build-Operate-Transfer (BOT) Law na nagpahintulot sa dayuhan at lokal na mamumuhunan na maglatag ng imprastruktura para sa serbisyong pampubliko, partikular sa sektor ng enerhiya at transportasyon.

Nang tumama ang krisis sa kuryente noong 1992-93, ginamit ni Ramos ang BOT Law para igawad sa dayuhang mga kumpanya at kasosyo nilang lokal na malalaking burgesya ang pagtatayo ng mga planta ng kuryente kapalit ng mga pabor at kapakipakinabang na insentibo mula sa estado. Isa sa mga ito ang katiyakang babayaran ng gubyerno ang mga "stranded cost" o ang mga utang at uutangin pa ng mga pribadong kumpanya para sa pagmamantine ng mga planta, gayundin ang buong halaga ng enerhiyang nililikha nila, ginagamit man ito ng publiko o hindi.

**Pribatisasyon at deregulasyon ng mga serbisyong sosyal**

Noong 1992, iginawad ng rehimeng Ramos ang pinakamalaking kontrata sa pribatisasyon nang ibigay nito ang 25-taong konsesyon ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) sa serbisyong tubig sa Metro Manila sa dalawang grupo ng mga lokal at dayuhang kapitalista. Kabilang sa mga insentibong ibinigay ay ang tiyak *na sovereign guarantee* o ang paggarantiya ng estado sa tubo ng kapitalistang mamumuhunan. Ang pribatisasyong ito ay pinangasiwaan ng mga tauhan ng IMF.




Sinundan ito ng pribatisasyon sa telekomunikasyon noong 1993, pagbabangko at pagbabarko noong 1994, at ng mga eroplano at minahan noong 1995.

Isinailalim din ng rehimeng Ramos ang industriya ng langis sa deregulasyon sa pamamagitan ng Downstream Oil Industry Deregulation Act of 1998 (RA 8479). Ang pagpapatibay nito ay bahagi ng pagtupad sa mga kundisyon ng IMF kapalit ng $1.6 bilyong pautang. Sa ilalim ng deregulasyon ng industriya ng langis, itinakda ang pagbebenta ng Petron na noo'y empresa ng estado at pinahintulutan ang mga dayuhang kumpanya ng magtayo ng bagong mga gasolinahan. Inalis rin ang pampublikong subsidyo sa mga produktong petrolyo.

Sa ilalim ng rehimeng Arroyo, sinimulang ipatupad ang korporatisasyon (isang anyo ng pribatisasyon) ng mga pampublikong ospital. Sa ilalim nito, ipinaubaya ang iba't ibang aspeto ng serbisyong pangkalusugan, tulad ng parmasya, laboratoryo at iba pa sa mga pribadong mamumuhunan. Sa panahon din ng rehimeng Arroyo naganap ang malawakang pribatisasyon ng operasyon ng mga kalsada.

Isinabatas noong 2001 ang Electric Power Industry Reform Act (EPIRA) na nagbunsod ng malawakang pribatisasyon sa larangan ng transmisyon at distribusyon ng kuryente. Itinayo ang Wholesale Electricity Spot Market (WESM) para konsolidahin ang mga independyenteng prodyuser ng kuryente sa iisang merkado at arbitraryong itakda ang singil na ipinapasa sa mga konsyumer. Kabilang sa mga tuluyang isinapribado ang National Power Corporation at National Grid Corporation.

Sa kabila ng malinaw na disbentahe ng pribatisasyon sa imprastruktura at serbisyong panlipunan, itinuloy-tuloy at sinagad ito ng rehimen ni Benigno Aquino III sa pamamagitan ng programang Public-Private Partnership. Sa ilalim

ng PPP, hindi lamang ipinaubaya sa malalaking kapitalista ang rekurso ng estado para ipinuhunan sa konstruksyon ng pampublikong imprastruktura, ginarantiyahan pa nito ang tubo hanggang 25 taon.

**Deregulasyon sa paggawa at iba pang "repormang nakatuon sa merkado"**

Sa larangan ng paggawa, isinabatas ng unang rehimeng US-Aquino ang tatlo sa pinakamasasahol na batas laban sa mga manggagawa noong katapusan ng dekada 1980. Noong 1989, magkasunod na ipinatupad ang Wage Rationalization Act, ang Herrera Law at National Labor Relations Act. Ang mga batas na ito ang nagpako sa sahod, nagpalaganap ng kontraktwalisasyon at nagbuwag sa mga unyon at umatake sa mga karapatan ng mga manggagawa sa nakaraang tatlong dekada. *(Tingnan ang* Ang Bayan*, Abril 21, 2016.)*

Karugtong ng mga patakaran sa paggawa ang neoliberal na programang K-12 na sinimulang ipatupad ng pangalawang rehimeng US-Aquino noong 2012. Ang mga pagbabago sa programa sa edukasyon ay dati nang itinulak ng mga dayuhang kumpanya para matugunan ang tipo at dami ng mga manggagawang kailangan ng kanilang mga kumpanya. Kabilang sa mga pagbabago ang pagbubura sa nalalabing makabayang mga elemento sa kurikulum at pagdadagdag ng dalawa pang taon sa hayskul para magsuplay ng mga manggagawang may kasanayan.

Sa usapin ng lupa, isinabatas noong 1988 ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Sa ilalim nito, ang reporma sa lupa ay naging simpleng transaksyon ng pagbebenta ng lupa ng mga panginoong maylupa sa mga magsasaka. Sa halip na ang lupa ay ipamahagi nang libre sa nagbubungkal sa diwa ng katarungang panlipunan, ipinapapasan sa mga magsasaka ang bayad sa anyo ng amortisasyon, o di kaya'y nag-aalok ng opsyon ng pamamahagi ng sapi sa tinaguriang korporatisasyon. Dulot ng pagpigil sa tunay na pamamahagi ng lupa sa nagbubungkal, nanatiling nasa kontrol ng iilang panginoong maylupa ang lupa, hiwa-hiwalay at maliitan ang produksyon at lugmok ang sektor ng agrikultura. Sa halip na suportahan ang produksyon, ipinatanggal pa ang kakarampot nang mga subsidyo sa presyo ng palay at iba pang produktong agrikultural at isinapribado ang irigasyon.

Sa tulak ng World Bank at IMF para itaas ang kita ng estado, ipinataw noong 1986 ang 10% Value Added Tax (VAT) sa mga produktong pangkonsumo bilang rekisito para muling makapangutang ang bansa. Noong 1997, ipinatupad ang Comprehensive Tax Reform Program na nagligtas sa mga dayuhan at lokal na korporasyon sa pagbabayad ng lahat ng uri ng buwis (*corporate, income*, VAT, *sales* at iba pa) nang tatlo hanggang anim na taon. Pinalaki nito ang depisit sa badyet at dahil dito ay itinaas ang VAT tungong 12% at pinalawak para saklawin ang pribadong serbisyo sa ilalim ng Expanded Value Added Tax (EVAT) Law noong 2006. Noong 2011, ipinataw ng rehimeng US-Aquino ang malaking dagdag na buwis sa sigarilyo at alak sa pamamagitan ng Sin Tax Law. AB

*Ito ang ikalawa sa serye ng mga artikulo tungkol sa neoliberalismo.*

## Bise-alkalde ng Davao, kinundena ng KMU-SMR

MARIING KINUNDENA ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao (KMU-SMR) ang aksyon ni Davao City Vice Mayor Paolo Duterte sa harap ng mga nagwewelgang manggagawa noong Mayo 30 sa Nakashin Davao International, Inc. sa Malagamot, Panacan, Davao City.


Ininsulto ni Duterte ang KMU, na inakusahan niyang nagmamanipula sa mga manggagawa ng Nakashin. Aniya, malaking kahihiyan sa syudad ang welga ng mga manggagawa.

"Ayon sa kumpanya, magtatanggal pa ng 280 manggagawa dahil nalulugi na sila at kailangan pa nilang magbayad ng P60 milyon sa dayuhang namumuhunan dito kung kaya't isasara na lamang nila ang kumpanya; ano pa ang pagkakasunduan kung magsasara na ito?" buladas ng *vice mayor*.

Nagtayo ng barikada ang mga manggagawa sa harap ng kumpanya noong Miyerkules, Mayo 25, matapos iligal na sisantehin ang 75 empleyado nito noong Abril 9.

Pinasinungalingan ito ni Lester Pillado, tagapangulo ng Nagkahiusang Mamumuo sa Nakashin (NAMANA). Ayon kay Pillado, imposibleng magsara ang kumpanya dahil lamang sa barikada ng mga manggagawa.

Sa pahayag din ng NAMANA, milyun-milyon ang kinikita ng kumpanya dahil matagal nang pinatatakbo ang pabrika sa bansa at kada linggo, tatlong beses ang inilalabas na produkto patungong Japan at Europe kaya hindi kapanipaniwala na nalulugi ang Nakashin.



Sa loob ng 34 na araw ng barikada, walang negosasyon na naganap sa pagitan ng kumpanya at mga nakabarikadang manggagawa. Bago ang pangyayari, nangako pa si Duterte na tutulong sa pagresolba ng isyu ng mga manggagawa at sa pagbuo ng kasunduan o *memorandum of agreement* sa pagitan ng samahan at Nakashin, dagdag pa ni Carlo Olalo, tagapagsalita ng KMU-SMR.

Ayon pa kay Olalo, may inisyal nang pinagkasunduan ang mga manggagawa, ang Nakashin, si Vice Mayor Duterte at abogado nito, na ibabalik ang 75 iligal na tinanggal na manggagawa, magregularisa ng 10 manggagawa bawat buwan at bayaran ng buo ang kanilang sahod.

Subalit noong Martes, Mayo 31, bago pa man mapormalisa ang kasunduan ay binawi ng kumpanya at ni Duterte ang suporta rito.

"Nagbago ang isip ni Duterte dahil kaibigan ng kanyang pamilya ang Nakashin at ang bagong abogado nito, na si Mans Carpio, ay asawa ni Sara Duterte, susunod na Davao City Mayor," ani KMU.

Giit naman ng papasok na *labor undersecretary* na si Joel Maglunsod, dapat magpatuloy ang negosasyon ng Kilusang Mayo Uno at Vice Mayor Paolo Duterte.

"Mandato ng KMU na tumulong sa kanila, dahil lumapit ang mga manggagawa rito noong Abril 9. Makatwiran din ang kanilang panawagan dahil matagal na silang kontraktwal sa kumpanya," ani Maglunsod.

Hinimok din nito si Duterte na makipag-usap na sa mga manggagawa at kinatawan ng KMU at huwag nang patagalin ito.

"Nasa kumpanya na ang pagpapasya, kung sila ay papayag na ibalik ang mga tinanggal at iregularisa ang mga manggagawa, mapipirmahan na agad natin ang kasunduan," aniya. AB

## Pagtanggal ng mga unyonista ng RMN-Davao, kinundena

NAGKAISA ANG mga mamamahayag at manggagawa ng Radio Mindanao Network-Davao upang kundenahin ang iligal na pagtanggal sa walong upisyal ng unyon nito matapos ilabas ng National Labor Relations Commission (NLRC) ang desisyon nito na nagdedeklarang iligal ang welga ng mga manggagawa noong Oktubre 2014.

Ayon kay Carlo Olalo, pangkalahatang kalihim ng Kilusang Mayo Uno-Southern Mindanao, ang pagsisante sa mga manggagawa ay walang bisa dahil wala pang nailalabas na "no entry of judgment" mula sa NLRC at nakahain pa ang apela ang unyon sa Court of Appeals upang maglabas ito ng *temporary restraining order* laban sa pagsisante.

Kaugnay nito, nagpahayag ng pakikiisa ang National Union of Journalists of the Philippines sa mga manggagawa ng RMN. Dagdag pa ng NUJP, kahinahinala ang pagmamadali ng network na tanggalin ang mga manggagawa.

"Maka-kapitalista at anti-manggagawa ang desisyon ng NLRC. Halos kinopya lang rin nito ang apila ng RMN," ani Olalo.

Noong Oktubre 2014 nag-welga ang RMN Davao Employees Union (RDEU) nang tumanggi ang maneydsment ng RMN na humarap sa kanilang CBA (*collective bargaining agreement*) at palitan ang bakanteng pusisyon ng regular na mga manggagawa. Makalipas ang 41 araw, nagkasundo ang dalawang panig ngunit muli na naman nitong inatake ang mga manggagawa nang magsampa ito ng "illegal strike" laban sa unyon.

Ipinanawagan rin ng KMU-Southern Mindanao sa papasok na gubyernong Duterte na mamagitan sa kaso at tuparin ang pangako nitong ipagbabawal ang kontraktwalisasyon.

"Ang kontraktwalisasyon ay laganap sa industriya ng midya at ang unyon ay matagal nang lumalaban sa *talent system* na gustong ipatupad ng RMN sa buong bansa. Layon ng RMN na busalan ang tunay na boses ng mga manggagawa laban sa kontraktwalisasyon sa industriya ng midya," dagdag pa ni Olalo.

## Mga empleyado ng PBCom, muling nagprotesta

NOONG MAYO 19, daan-daang empleyado ng Philippine Bank of Communications (PBCom) ang nagsindi ng kandila sa harap ng PBCom Tower Building sa kahabaan ng Ayala Avenue, Makati City bilang protesta sa patuloy na pagbimbin ng kumpanya sa kanilang CBA (*collective bargaining agreement*).

Lumipas na noong Disyembre ang tatlong taong CBA ng unyon, kung kaya't limang buwan nang naantala ang pag-uusap ng dalawang panig para sa ikaapat at ikalimang taon ng kanilang negosasyon.

Nagpiket din ang mga empleyado kasabay ng pagpupulong ng mga pinuno ng bangko bago pumasok sa trabaho.

"Ang serye ng mga protestang ito ay pagtutol sa "near moratorium increase" na inaalok ng maneydsment sa aming mga empleyado sa susunod na dalawang taon. Ibig sabihin nito, wala na kaming ibang pagpipilian kundi tanggapin na lang ang barya-baryang dagdag sahod. Habang ang iniulat nitong kita sa nakaraang taon ay mahigit P203 milyon, P1.6 bilyon noong 2013 at P111 milyon noong 2014, ang ibibigay lamang ng PBCom na dagdag-sahod ay P500 kada buwan o halos P17 kada araw, na di man lang makasapat para tustusan ang pamasahe sa araw-araw," ani Dennis Fernandez, bise presidente ng PBCom Employees Association (PBCEA).

Dagdag ng asosasyon, higit pang hindi katanggap-tanggap ang alok ng maneydsment sa harap ng pagpapatindi ng bangko sa bigat ng kanilang trabaho upang bigyang daan ang pagrestruktura at reorganisasyon ng kum-

panya.

Ang PBCom ay isa sa pinakamalaking komersyal na bangko sa bansa. Ang pinakamalaking mamumuhunan nito ay si Lucio Co na ikasiyam sa pinakamayamang Pilipino ayon sa Forbes. May mahigit 400 ordinaryong empleyado ang mga ito.

Sinuportahan naman ng Banking and Financial Unions against BSP Circular 268 (BFU 268), ang grupo ng 21 unyon sa banko na tumututol sa pag-*outsource* sa kanilang sektor, ang protesta ng mga empleyado ng PBCom.

"Sa laki ng iniulat na yaman ng PBCom, kayang-kaya nitong ibigay ang panawagan ng mga empleyado. Kailangan itong ipamahagi sa mga manggagawa, mga miyembro ng PBCEA, na naglaan ng kanilang lakas-paggawa para malikha ang bilyong kita ng kumpanya," ayon kay Mark Oliver Gonzales ng BFU 268.

# Mga mamamahayag, dismayado kay Duterte

*Karamihan ng mga mamamahayag ay korap... Dahil lang mamamahayag ka ay hindi nangangahulugang ligtas ka sa asasinasyon kung isa kang p-------ina.* Ang sinabing ito ng magiging-pangulong Rodrigo Duterte sa kanyang pagharap sa midya noong Mayo 31 sa Davao ang inulan ng batikos mula sa mga mamamahayag, abugado at mga kamag-anak ng namatay na mamamahayag.

Ayon sa National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), ang pahayag ni Duterte ay "hindi lamang naninira sa mga pangalan at alaala ng 176 naming kasamahan na pinaslang mula 1986, sa epekto ay ibinukas na rin niya ang pagbubusal sa midya, kapwa ng indibidwal na mga mamamahayag at ng institusyon, sa simpleng duda ng korupsyon."


Inamin ng NUJP na isa sa pinakamabigat na problemang kinakaharap ng midya ang korupsyon ngunit hindi ito dahilan para kitlin ang buhay. Sa iilang kaso ng pagpatay sa midya na nakarating sa husgado, ang pumatay ay mga upisyal ng gubyerno o kanilang mga pwersang panseguridad, na pawang akusado ng korupsyon.

Sa kanilang bukas na liham, inilinaw ng NUJP na karapat-dapat matamo ng bawat Pilipino ang isang gubyernong may sapat na pagmamalasakit para tiyaking ang bawat pagpatay ay naparurusahan.

Umaasa ang NUJP na tutulong ang bagong pangulo sa pagtugon sa masamang mga kalagayan sa paggawa ng mga manggagawa sa midya, ang mahahabang oras sa paggawa at mababang sahod, at ang mga utos na sadyang lumalabag sa mga tuntunin na may banta ng pagsisisante, kung kaya't naitutulak ang ibang manggagawa sa midya na mapasok sa korupsyon.

Nagpahayag din ng pagtutol noong Hunyo 1 ang International Federation of Journalists, na may 600,000 kasapi sa 139 na bayan. Hinamon nila si Duterte na gumawa ng kagyat na hakbang upang wakasan ang kultura ng karahasan at kawalang-pananagutan laban sa midya at suportahan ang kalayaan sa pamamahayag at kalayaan sa pagpapahayag sa ikalawang pinakamapanganib na bayan sa buong daigdig para sa mga mamamahayag.

Ayon kay Marc Lino Abila, presidente ng College Editors Guild of the Philippines, ipinakikita ng pahayag ni Duterte na hindi niya nauunawaan kung paanong pinamamalagi ng tumitinding kultura ng kawalang-pananagutan ang pagpaslang sa mga mamamahayag at manggagawa sa midya habang nasa linya ng kanilang tungkulin. Idinagdag pa ni Abila na dapat ipaalala kay Duterte na saklaw pa ng kanyang responsibilidad ang pagtugon sa lumalalang kultura ng kawalang-pananagutan sa bayan.




Hinamon naman ng ALTERMIDYA si Duterte na wakasan ang kontraktwalisasyon sa midya, at parusahan ang mga pumapatay ng mga mamamahayag para itago ang korupsyon at kriminalidad.

Kabilang sa marami pang kumundena kay Duterte ang *executive director* ng Center for International Law, at ang mga pamilya ng nasawing mamamahayag na sina Gerardo Ortega at Reynald Momay.

Pinakahuli at seryoso ito sa makailang beses nang banggaan ni Duterte at ng midya, na umabot pa sa paghahamon ng boykot ng magkabilang panig.

Bago nito, inireklamo na noong Mayo 20 ng NUJP at mga kamag-anak ng mga mamamahayag na biktima ng Maguindanao Masaker ang pagtatalaga ni Duterte kay Atty. Salvador Panelo bilang kanyang tagapagsalita. Si Panelo ay dating abugado ni Andal Ampatuan Jr. na akusado sa pagmasaker ng 58, kabilang ang 32 na mamamahayag noong Nobyembre 23, 2009 sa Ampatuan, Maguindanao. Ang Maguindanao Masaker ang kinilalang nag-iisang pinakamalubhang atake sa mga mamamahayag sa kasaysayan ng pamamahayag at isa rin sa pinakamalalang insidente ng karahasang elektoral sa bayan. Hindi pa rin natatapos ang pagbista sa kasong ito. AB

### Kampuhan upang ibasura ang K-12, ginanap

NOONG MAYO 26-27, nagkampo ang daang estudyante at magulang sa harap ng pambansang tanggapan ng Department of Education sa Pasig City para ipanawagan ang pagbasura ng makadayuhang K-12. Hinamon nila ang susunod na rehimeng Duterte na manindigan para sa libreng edukasyon at magpatupad ng mga maka-mamamayang patakaran sa sektor.

Ayon sa mga raliyista, tinatayang 700,000 hanggang isang milyong mag-aaral ang mapipilitang tumigil sa pag-aaral sa pagpapatupad ng K-12. Kakailanganin rin ng mahigit P200,000 para makapagtapos ng dagdag na dalawang taon sa hayskul. Ito ay habang ginagarantiyahan ng K-12 ang kita ng mga pribadong paaralan dahil sa mahigit P12 bilyong pisong inilaan ng estado para sa pagsalo ng mga pribadong paaralan ng mga mag-aaral.

Ayon kay Charisse Bañez, tagapangulo ng League of Filipino Students, nakabalangkas ang K-12 para paglingkuran ang pribadong interes.

"Bahagi ng neoliberal na patakaran upang lumikha ng milyong murang lakas paggawa na tutugon sa pangangailangan ng mga dayuhan at multinasyunal na korporasyon ang programang K-12. Daragdag din ito sa kasalukuyan nang pasanin ng milyong mag-aaral at mga magulang at tiyak na dudulo sa higit pang pagwasak sa sistema ng edukasyon ng bansa," aniya.

Kailangang aralin ng gubyernong Duterte ang K-12 at magpatupad ng makabayan, siyentipiko at makamasang sistema ng edukasyon. Ipinanawagan din ng Kabataan Partylist ang pagpapatigil sa walang patlang na pagtaas ng matrikula at mga bayarin sa mga pamantasan.

# Masinsing paggamit ng US sa karagatan ng Pilipinas

Sa harap ng tumitinding tensyon at militarisasyon sa South China Sea, sumisinsin ang paggamit ng US sa karagatan ng Pilipinas sa pakikipaggirian nito sa China.

Mula Pebrero hanggang kasalukuyan, sunud-sunod ang mga ehersisyong militar at ang pagdaan at pagdaong ng mga barkong pandigma sa Subic Bay.

Nakatapos pa lamang ang Balikatan 2016 noong Abril, inilulunsad na naman sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas ang ehersisyong militar na Cooperation Afloat Readiness and Training (CARAT)–Philippines mula Hunyo 6 hanggang 10. Kabilang sa mga lugar na paglulunsaran ang karagatan ng Subic Bay at Palawan. Hindi bababa sa tatlong barkong pandigma, kasabay ang P-8 Poseidon na sasakyang panghimpapawid, at apat na yunit militar ng US Marines ang lalahok sa pagsasanay.

Ang CARAT-Philippines ay bahagi ng mas malawak na serye ng mga ehersisyong militar na ginaganap ng US Navy kasama ang siyam na bansa sa South at Southeast Asia. Ang kasalukuyang CARAT diumano ang pinakakumplikado sa buong serye nito.

Noon pang Hunyo 4 nagsimula na ang multilateral na pagsasanay sa pagitan ng mga hukbong pandagat ng US, Pilipinas at Malaysia, bilang pangsalit sa bilateral na mga yugto ng CARAT.

Samantala, dumaong sa Alava Pier sa Subic Freeport, Olongapo City ang limang barkong pandigma na bahagi ng USS John C. Stennis Strike Group (JCSSG) sa isang diumano'y “routine port call." Nagtagal mula Mayo 20 hanggang 28 ang mga barkong may sakay na 8,500 US Marines. Ang naturang pagdaong ay tatlong araw lamang matapos harangin ng mga *jetfighter* ng China ang isang eroplanong paniktik ng US na “nagpapatrulya” sa himpapawid sa ibabaw ng West Philippine Sea, at ilang linggo matapos ang “pagpapatrulya” rin ng nasabing *strike group* malapit sa pinag-aagawang mga bahura at buhanging-babaw. Bago nito, noong Abril 29 ay tinanggihan ng China ang pagdaong nito sa Hongkong.

Ang JCSSG, na binubuo ng sampung barko at ilang iskwadron ng sasakyang panghimpapawid, ay ginagamit ng US bilang suportang panalakay sa iba't ibang bahagi ng mundo. Isinanib ito noong Pebrero 4 sa US 7th Fleet upang pakapalin ang presensyang militar sa West Pacific.

Mahalaga ang Pilipinas sa garapal na pagpapatatag ng US sa presensyang militar nito sa West Pacific at Indian Ocean, bilang tuwirang pantapat sa China. Kayat maliban sa pakitang-gilas ng pwersa militar sa rehiyon, nagsagawa din ang JCSSG ng tinatawag nitong mga *community relations project* o COMRELS para ipatanggap ang presensyang militar ng US sa mamamayan. Ang mga marino ay bumisita sa mga paaralang elementarya, sementeryo at sa AFP Medical Center sa Quezon City.

Ang US 7th Fleet na nakabase sa Japan ay bahagi ng United States Pacific Fleet. Pinakamalaki ito sa mga plota ng US na nakatalaga sa labas ng kanilang bansa. Maliban sa JSCCG, mayroon itong 60 hanggang 70 barkong pandigma, 300 sasakyang panghimpapawid at 40,000 tauhan ng Navy and Marine Corps.

Umiikot ang mga ito sa mga karagatan ng Pilipinas, Australia, New Zealand, Republic of Korea, Japan, at Thailand batay sa mga tratado sa mutwal na depensa ng US sa mga bayang ito. AB